

Huling Na-update: Agosto 11, 2023

PAUNAWA NG MGA KASANAYAN SA PAGPRIVACY PARA SA PINOPROTEKTAHANG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN

Ang Iyong Pinoprotektahang Impormasyong Pangkalusugan. Ang Iyong Mga Karapatan. Aming Mga Responsibilidad.

Inilalarawan ng Paunawa ng Mga Kasanayan sa Pagprivacy na ito ("Paunawa") kung paano ang iyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan na kinolekta ng o sa ngalan ng Possible Health Medical PC, Possible Health NJ PC, Possible Health CA PC, Jane Medical PLLC, Hey Health PC, at Possible Health LLC ("Hey Jane PCs") (ang naturang impormasyon, "PHI") ay maaaring gamitin at ibunyag at kung paano ka makakakuha ng access sa iyong PHI. Ang aming Paunawa ng Mga Kasanayan sa Pagprivacy ay hindi nalalapat sa mga serbisyong HINDI inaalok ng o sa ngalan ng Hey Jane PCs, gaya ng Un-Whisper Network, The Lounge, at ilang partikular na hindi napatotohanang webpage sa www.heyjane.com na hindi entry point para sa mga klinikal na serbisyo. Ang mga naturang serbisyo ay napapailalim sa Patakaran sa Pagprivacy na makukuha sa <https://www.heyjane.com/privacy>. **Mangyaring suriing mabuti ang Paunawang ito.**

Ang Iyong Mga Karapatan

May karapatan kang:

- Kumuha ng kopya ng iyong papel o elektronikong rekord medikal
- Itama ang iyong papel o elektronikong rekord medikal
- Humiling ng kumpidensyal na komunikasyon
- Hilingin sa amin na limitahan ang PHI na ibinabahagi namin
- Kumuha ng listahan ng mga pinagbahagian namin ng iyong PHI
- Kumuha ng kopya ng paunawang ito sa privacy
- Pumili ng isang tao na kikilos para sa iyo
- Maghain ng reklamo kung naniniwala kang nalabag ang iyong mga karapatan sa privacy

Ang Iyong Mga Pagpipilian

Mayroon kang ilang mga pagpipilian sa paraan ng paggamit at pagbabahagi namin ng PHI habang kami ay:

- Nagsasabi sa pamilya at mga kaibigan tungkol sa iyong kondisyon
- Nagbibigay ng tulong sa kalamidad
- Isinasama ka sa isang direktoryo ng ospital
- Nagbibigay ng pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan
- Nagmemerkado ng aming mga serbisyo at nagbebenta ng iyong PHI
- Nangangalap ng pondo

Ang Aming Mga Paggamit at Pagbubunyag

Maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong PHI habang kami ay:

- Gumagamot sa iyo
- Nagpapatakbo ng aming organisasyon
- Nangingil para sa iyong mga serbisyo
- Tumutulong sa mga isyu sa pampublikong kalusugan at kaligtasan
- Nagsasagawa ng pananaliksik
- Sumusunod sa batas
- Nakikipagtulungan sa isang medical examiner o direktor ng punerarya
- Tumutugon sa kompensasyon ng mga manggagawa, pagpapatupad ng batas, at iba pang kahilingan ng pamahalaan
- Tumutugon sa mga demanda at legal na aksyon

Ang Iyong Mga Karapatan

Pagdating sa iyong PHI, mayroon kang ilang mga karapatan. Ipinapaliwanag ng seksyong ito ang iyong mga karapatan at ang ilan sa aming mga responsibilidad upang matulungan ka.

Kumuha ng elektroniko o papel na kopya ng iyong rekord medikal

- Maaari kang humiling na makita o makakuha ng elektroniko o papel na kopya ng iyong rekord medikal at iba pang PHI na mayroon kami tungkol sa iyo. Tanungin kami kung paano ito gawin.
- Kami ay magbibigay ng kopya o buod ng iyong PHI, karaniwang sa loob ng 30 araw ng iyong kahilingan. Maaari kaming maningil ng makatwirang bayad na batay sa gastos.

Hilingin sa amin na itama ang iyong rekord medikal

- Maaari mong hilingin sa amin na itama ang PHI tungkol sa iyo na sa tingin mo ay mali o hindi kumpleto. Tanungin kami kung paano ito gawin.
- Maaari kaming magsabi ng "hindi" sa iyong kahilingan, ngunit sasabihin namin sa iyo kung bakit sa pamamagitan ng sulat sa loob ng 60 araw.

Humiling ng mga kumpidensyal na komunikasyon

- Maaari mong hilingin sa amin na makipag-ugnayan sa iyo sa isang partikular na paraan (halimbawa, telepono sa bahay o opisina) o magpadala ng koreo sa ibang address.
- Sasabihin namin ang "oo" sa lahat ng makatwirang kahilingan.

Hilingin sa amin na limitahan ang aming ginagamit o ibinabahagi

- Maaari mong hilingin sa amin na huwag gamitin o ibahagi ang partikular na PHI para sa paggamot, pagbabayad, o aming mga operasyon. Hindi kami kinakailangang sumang-ayon sa iyong kahilingan, at maaari kaming magsabi ng "hindi" kung makakaapekto ito sa iyong pangangalaga.
- Kung babayaran mo nang buo ang isang serbisyo o pangangalagang pangkalusugan mula sa sariling bulsa, maaari mong hilingin sa amin na huwag ibahagi ang PHI na iyon para sa layunin ng pagbabayad o aming mga operasyon sa iyong health insurer. Sasabihin namin ang "oo" maliban kung hinihiling ng batas na ibahagi namin ang PHI na iyon.

Kumuha ng listahan ng mga pinagbahagian namin ng iyong PHI

- Maaari kang humingi ng listahan (accounting) ng mga oras na ibinahagi namin ang iyong PHI sa loob ng anim na taon bago ang petsa na nagtanong ka, kung kanino namin ito ibinahagi, at bakit.
- Isasama namin ang lahat ng mga pagbubunyag maliban sa mga tungkol sa paggamot, pagbabayad, at mga operasyon

sa pangangalagang pangkalusugan, at ilang iba pang mga pagbubunyag (tulad ng anumang hiniling mo sa amin na gawin). Maaari kaming magbigay ng isang accounting bawat taon nang libre ngunit maniningil kami ng makatwirang bayad na batay sa gastos kung hihingi ka ng isa pa sa loob ng 12 buwan.

Kumuha ng kopya ng paunawang ito sa privacy

Maaari kang humingi ng papel na kopya ng paunawang ito anumang oras, kahit na sumang-ayon kang tanggapin ang paunawa sa elektronikong paraan. Kami ay magbibigay sa iyo ng isang papel na kopya kaagad.

Pumili ng isang tao na kikilos para sa iyo

- Kung binigyan mo ang isang tao ng medikal na kapangyarihan ng abogado o kung ang isang tao ay ang iyong legal na tagapag-alaga, ang taong iyon ay maaaring gumamit ng iyong mga karapatan at gumawa ng mga pagpipilian tungkol sa iyong PHI.
- Sisiguraduhin namin na ang tao ay may ganitong awtoridad at maaaring kumilos para sa iyo bago kami gumawa ng anumang aksyon.

Maghain ng reklamo kung sa tingin mo ay nalabag ang iyong mga karapatan

- Maaari kang magreklamo kung sa tingin mo ay nilabag namin ang iyong mga karapatan sa privacy ng impormasyong pangkalusugan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa privacy@heyjane.co.
- Maaari kang maghain ng reklamo sa U.S. Department of Health and Human Services Office for Civil Rights sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa 200 Independence Avenue, S.W., Washington, D.C. 20201, pagtawag sa 1-877-696-6775, o pagbisita sa www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/.
- Hindi kami gaganti laban sa iyo sa paghahain ng reklamo.

Ang Iyong Mga Pagpipilian

Para sa ilang partikular na sitwasyon, maaari mong sabihin sa amin ang iyong mga pagpipilian tungkol sa kung ano ang aming ibinabahagi. Kung mayroon kang malinaw na kagustuhan para sa kung paano namin ibinabahagi ang iyong PHI sa mga sitwasyong inilarawan sa ibaba, makipag-usap sa amin. Sabihin sa amin kung ano ang gusto mong gawin namin, at susundin namin ang iyong mga tagubilin.

Sa mga kasong ito, mayroon kang parehong karapatan at pagpipilian na sabihin sa amin na:

- Ibahagi ang impormasyon sa iyong pamilya, malalapit na kaibigan, o iba pang kasangkot sa iyong pangangalaga
- Ibahagi ang impormasyon sa isang sitwasyon ng tulong sa kalamidad
- Isama ang iyong impormasyon sa isang direktoryo ng ospital

Kung hindi mo masabi sa amin ang iyong kagustuhan, halimbawa kung ikaw ay walang malay, maaari kaming magpatuloy at ibahagi ang iyong PHI kung naniniwala kaming ito ay para sa iyong pinakamahasag na interes. Maaari rin naming ibahagi ang iyong PHI kapag kinakailangan upang mabawasan ang isang seryoso at napipintong banta sa kalusugan o kaligtasan.

Sa mga kasong ito, hindi namin ibinabahagi ang iyong PHI maliban kung bibigyan mo kami ng nakasulat na pahintulot:

- Mga layunin sa marketing
- Pagbebenta ng iyong PHI
- Karamihan sa pagbabahagi ng mga tala ng psychotherapy

Sa kaso ng pangangalap ng pondo:

- Maaari kaming makipag-ugnayan sa iyo para sa mga pagsisikap sa pangangalap ng pondo, ngunit maaari mong sabihin sa amin na huwag kang kontakin muli.

Ang Aming Mga Paggamit at Pagbubunyag

Paano namin karaniwang ginagamit o ibinabahagi ang iyong PHI?

Karaniwan naming ginagamit o ibinabahagi ang iyong PHI sa mga sumusunod na paraan.

Gamutin ka

Maaari naming gamitin ang iyong PHI at ibahagi ito sa iba pang mga propesyonal na gumagamot sa iyo. *Halimbawa: Ang isang doktor na gumagamot sa iyo para sa isang impeksiyon ay nagpapadala ng isang diagnostic na utos sa isang lab.*

Halimbawa: Ibahagi namin ang PHI tungkol sa iyo sa parmasya na magpupuno ng iyong reseta.

Patakbuhan ang aming organisasyon

Maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong PHI upang patakbuhin ang aming pagsasanay, mapabuti ang iyong pangangalaga, at makipag-ugnayan sa iyo kung kinakailangan. *Halimbawa: Ginagamit namin ang PHI tungkol sa iyo upang pamahalaan ang iyong paggamot at mga serbisyo.*

Maningil para sa iyong mga serbisyo

Maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong PHI upang maningil at makakuha ng bayad mula sa mga planong pangkalusugan o iba pang mga entity.

Halimbawa: Kung ang iyong health insurance ay nagbabayad para sa iyong paggamot, ibinabahagi namin ang PHI tungkol sa iyo sa iyong health insurance plan upang bayaran nito ang iyong mga serbisyo.

Paano pa namin magagamit o maibabahagi ang iyong PHI?

Pinapayagan o kinakailangan kaming ibahagi ang iyong PHI sa ibang mga paraan – karaniwan sa mga paraan na nakakatulong sa kabutihan ng publiko, tulad ng pampublikong kalusugan at pananaliksik. Kailangan naming matugunan ang maraming kundisyon sa batas bago namin maibahagi ang iyong PHI para sa mga layuning ito. Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang: www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/index.html.

Tumulong sa mga isyu sa pampublikong kalusugan at kaligtasan

Maaari naming ibahagi ang PHI tungkol sa iyo para sa ilang partikular na sitwasyon tulad ng:

- Pagpigil sa sakit
- Pagtulong sa pagbawi ng produkto
- Pag-uulat ng mga masamang reaksyon sa mga gamot
- Pag-uulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso, pagpapabaya, o karahasan sa tahanan
- Pagpigil o pagbabawas ng seryosong banta sa kalusugan o kaligtasan ng sinuman

Magsagawa ng pananaliksik

Maaari naming gamitin o ibahagi ang iyong PHI para sa pananaliksik sa kalusugan.

Sumunod sa batas

Ibabahagi namin ang PHI tungkol sa iyo kung hinihiling ito ng mga batas ng estado o pederal, kabilang ang sa Department of Health and Human Services kung nais nitong makita na kami ay sumusunod sa pederal na batas sa privacy.

Tumugon sa mga kahilingan sa donasyon ng organ at tissue

Maaari naming ibahagi ang PHI tungkol sa iyo sa mga organisasyon sa pagkuha ng organ.

Makipagtuungan sa isang medical examiner o direktor ng punerarya

Maaari kaming magbahagi ng PHI sa isang coroner, medical examiner, o direktor ng punerarya kapag namatay ang isang indibidwal.

Tugunan ang kompensasyon ng mga manggagawa, pagpapatupad ng batas, at iba pang kahilingan ng pamahalaan

Maaari naming gamitin o ibahagi ang PHI tungkol sa iyo:

- Para sa mga claim sa kompensasyon ng mga manggagawa
- Para sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas o sa isang opisyal ng pagpapatupad ng batas
- Sa mga ahensya ng pangangasiwa sa kalusugan para sa mga aktibidad na pinahintulutan ng batas
- Para sa mga espesyal na tungkulin ng pamahalaan gaya ng militar, pambansang seguridad, at mga serbisyo sa proteksyon ng pangulo

Tumugon sa mga demanda at legal na aksyon

Maaari naming ibahagi ang PHI tungkol sa iyo bilang tugon sa isang utos ng hukuman o administratibo, o bilang tugon sa isang subpoena. Sinusubukan naming abisuhan ka tungkol sa mga legal na kahilingan para sa iyong PHI kapag naaangkop sa aming paghuhusga, maliban kung ipinagbabawal ng batas o utos ng hukuman o kapag ang kahilingan ay emergency. Maaari naming tutulan ang mga naturang kahilingan kapag naniniwala kami, sa aming pagpapasya, na ang mga kahilingan ay sobrang malawak, malabo o walang wastong awtoridad.

Ang Aming Mga Responsibilidad

- Kami ay inaatasan ng batas na panatilihin ang privacy at seguridad ng iyong PHI.
- Ipapaalam namin sa iyo kaagad kung may naganap na paglabag na maaaring nakakompromiso sa privacy o seguridad

ng iyong PHI.

- Dapat naming sundin ang mga tungkulin at mga kasanayan sa pagprivacy na inilarawan sa paunawang ito at bigyan ka ng kopya nito.
- Hindi namin gagamitin o ibabahagi ang iyong PHI maliban sa inilarawan dito maliban kung sasabihin mo sa amin na maaari namin sa pamamagitan ng sulat. Kung sasabihin mo sa amin na maaari namin, maaari mong baguhin ang iyong isip anumang oras. Ipaalam sa amin sa pamamagitan ng sulat kung magbabago ang isip mo.

Petsa ng Bisa

Ang Petsa ng Bisa ng Paunawang ito ay ang petsa ng Huling Na-update sa itaas. Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang: www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/noticepp.html.